INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

# "PILIPINAS, ANG AKING BANSA, ANG AKING PAG-ASA"

ni: **LEA B. BALDONASA**

Pilipinas ang aking bansa, sa pagsubok o hamon'y hindi mapapadapa
Bagyo man o pandemya o kahit anong sakuna, bansa ko'y laging handa
Singtalas ng mga mata ng agila mag-isip ng solusyon sa problema
Singbilis rin ng lipad niya ang aksiyon at tugon na isinasagawa.

Dumaan ang bagyo, mga Pilipino'y natumba
Dumating ang pandemya, kinasanayan ng mga mamamaya'y nag-iba
Subalit dahil tayo'y sadyang sa Diyos ay may pananampalataya
Pasasalamat at biyaya ang dalangin ng bawat isa.

Ilang unos man ang dumaan sa ating bayan
Ilang pinsala man ang ating maranasan
Bansa natin di susuko't hahanap ng paraan
Upang paghihirap ng mga mamamayan ay maibsan.

Marami mang sagabal sa pagbangon muli,
Mahirap ring simulan lalo na kung sawing-sawi

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Subalit dahil sa pagnanais na makabawi

Lahat ay gagawin makamtan lamang ang minimithi.

O bayan kong Pilipinas, paghanga koy hindi kumukupas

Sa taglay mong ugaling hindi basta umaatras

Ano mang balakid ang saiyo'y humampas

Kahit latay nito'y manatiling marka sa iyong bukas.

Mga kababayan ko kalma lang kalma!

Itong pinagdadaanan natin'y lilipas din at mawawala

Basta't sa Maykapal lubos ang ating tiwala

Pasasaan ba't paghihirap natin ay may kapalit na ligaya.

Mga kababayan ko, nais kong mabatid ninyo

Na ang pandemya't kalamidad ay isang paalala

Upang bayan natin'y alagaan, ingatan at bigyang halaga

Para sa kinabukasan ng kabataang siyang ating pag-asa.

Buhay ma'y natin nabago dahil sa pandemya't bagyo

Ang mahalaga'y tayo'y hinubog at pinatatag nito

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
***************************************************************************************************************

Na handang lumaban sa anumang pagsubok ng mundo

At mga balakid na susubok sa ating pagkatao.

***************************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

***************************************************************************************************************